# *Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 1*

Sa pang araw-araw nahaharap tayp sa mga isyu at problem sa ating buhay at kailangan nating gumawa ng tamang pasya. Sa tiyak na mga oras na inilalagay tayo sa mgalikong daan at tinawag tayo upang gumawa ng isang pasya. At tiyak na mga pagkakataon na gusto nating makatakas ngunit napipilitan tayong gumawa ng tamang desisyon.

Tutulungan tayo ng Dios at sasagpin tayo sa paggawa ng tamang pasya sa pamamagitan ng sumusunod na mga hakbang na inilagay Niya at ginawa ang mga ito na makikita natin sa ating mga kamay.

***1. Ang Salita ng Dios: "Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas." (Awit 119:105 KJV)*** Ang Salita ng Dio ay ang ilawan at liwanag sa landas ng ating buhay. Ipinakikita sa atin ng Salita ng Dios kung aling daan ang kailangan nating tahakin sa buhay at kung ano ang kailangan nating gawin. Kaya naman nagbabasa tayo ng ating Bibliya araw-araw upang tanggapin ang karunungan at direksyon mula sa Dios at gabay sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Sa araw-araw ay kinakailangan para sa atin na mapaalalahanan, upang tanggapin ang espirituwal na pagkain na kailangan natin at magabayan laban sa gawa ng kaaway, at matulungang gumawa ng tamang pasya. Ang Salita ng Dios sa ating puso ay mabuting mapagkukunan na makakatulong sa atin tumugon sa kapangyarihan ng kadiliman kapag tayo'y ay nilulusob. Ang ating Bibliya ay dapat basahin araw-araw, apat na mga kabanata at higit pa sa isang araw, simulan sa pasimula, sa pagkasunod-sunod, aklat sa aklat, kabanata sa kabanata, talata sa talata, walang paglukso o kaligtaas hanggang marating natin ang dulo, pagkatapos ay magsimula tayo ulit.

***2. Ang kaloob ng pananalangin: "7 Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan: 8 Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan." (Mateo 7:7-8 KJV)*** Habang tayo'y humihingi sa Dios sasagutin Niya tayo at ibibigay sa atin an gating mga kailangan, at habang hinahanap natin Siya makikita natin ang tamang pasya at ang tamang pintuan ay magbubukas sa atin hangga't patuloy tayong na kumakatok sa pintuan. ***"Tumawag ka sa akin, at ako'y sasagot sa iyo, at ako'y magpapakita sa iyo ng mga dakilang bagay, at mahihirap na hindi mo nangalalaman." (Jeremias 33:3 KJV)*** Habang tayo'y tumatawag sa Dios ipapahayag at ipapakita Niya sa atin ang dakilang mga bagay at ang kailangan nating gawin at ang tamang pasya upang gawin. Habang patuloy tayong nanalangin ipapakita ng Dios sa atin ang daan at ang solusyon sa ating mga suliranin.

***3. Ang kaloob ng Banal na Espiritu:*** Ang Banal na Espiritu ay ang Dios. Siya ang Dios na sumasa atin. Ipinangako ni Jesus sa atin na ipapadala sa atin ang Banal na Espiritu gaya ng mababasa natin dito, ***"16 At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man, 17 Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo." (Juan 14:16-17 KJV)*** * Ang Banal na Espiritu ay ang Espiritu ng katotohanan at sasabihin Niya sa atin ang nais ng Dios at ang kailangan nating gawin, at papatnubayan tayong gumawa ng tamang pasya. * Ang Banal na Espiritu ay magpapaalala sa atin ng lahat ng mga bagay at ang mga nakaligtaan natin, at magtuturo sa atin ng bagong mga bagay na kailangan nating gawin. ***"26 Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi." (Juan 14:26 KJV)*** Nang tanggapin natin si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon sa ating buhay, tayo ay tinatakan ng Banal na Espiritu, at tinawag tayo na mapatnubayan ng Banal na Espiritu, pa sa mga pinatnubayan ng Banal na Espiritu sila'y tinawag na mga anak ng Dios, ***"Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios." (Roma 8:14 KJV)*** Bukod pa sa pagtatatak ng Banal na Espiritu na natanggap natin sa pagbabalik-loob, kailangan ding nating tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu; ibig sabihin hindi lang na mayroon tayo at napuspos ng Banal na Espiritu na umaapaw sa atin, kundi pati na rin ang Banal na Espiritu na magkaroon tayo, kontrolin tayo, at pamunuan tayo kung saan kailangan nating pumaroon at kung ano ang gagawin. Si Cristo mismo ang nagbigay sa atin ng bautismo ng Banal na Espiritu na kailangan nating sa ating buhay at paglilingkod sa Dios, Itinuturo rin ng Banal na Kasulatan na ipatong ang ating mga kamay sa mga alagad para tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu na ibinigay ni Jesus sa kanila. ***"Ng aral na tungkol sa mga paglilinis, at ng pagpapatong ng mga kamay, at ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, at ng paghuhukom na walang hanggan." (Hebrew 6:2 KJV)*** Tinagubilin ni Pablo si Timoteo na huwag pabayaan ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na tinanggap niya sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, ***"6 Dahil dito ay ipinaaalaala ko sa iyo na paningasin mo ang kaloob ng Dios, na nasa iyo sa pamamagitan ng pagpapatong ng aking mga kamay.7 Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan." (2 Timoteo 1"6-7 KJV)*** Pinaalalahan ni Pablo si Timoteo na ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa kanya at yaon ang nagbahagi ng mga kaloob ng Banal na Espiritu sa kanya. Ang Banal na Espiritu ay magbibigay sa atin ng katatagan, ang pagibig ng Dios at

ang kahusayan at pagkilala na gumawa ng tamang pasya. ***"Huwag mong pabayaan ang kaloob na nasa iyo, na sa iyo'y ibinigay sa pamamagitan ng hula, na may pagpapatong ng mga kamay ng kapulungan ng mga presbitero." (1 Timoteo 4:14 KJV)*** Tayo bilang matatanda at pinuno ng simbahan habang ipinapatong natin ang ating mga kamay sa matatapat na mga manggagawa maari nilang tanggapin mula kay Jesus ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na makakatulong sa kanila sa kanilang paglilingkos at ministerio sa Dios. Kaya narito makikita natin ang pagbabahagi ng mga kaloob ng Dios sa pamamagitan ng pagpapatong ng ating mga kamay. Narito halimbawa nang gumawa si Timoteo ng tamang pasya nagawa niya iyon sa pangunguna ng Banal na Espiritu at ang pasyang iyon ay hindi mula kay Pablo at sa paninindigan ng mga matatanda sa simbahan at direksyon sa buhay at ministerio, na nagpatong ng kanilang mga kamay kay Timoteo upang tanggapin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu.

Sa mga nauukol sa paggawa ng tamang pasya, napansin namin ang kahalagahan ng Banal na Espiritu, at sasalitain namin ang tungkol sa kahalagahan ng pagbabahagi ng Banal na Espiritu sa pagpapatong ng mga kamay, gayundin ang Panginoon nang ipinanganak tayo upang ipanganak na muli, inilagay Niya tayo sa Kanyang sambahayan at iyon ay ang Kanyang simbahan, ang katawan ni Cristo. Ibinigay din ng Panginoon ang mga tanggapan ng Kanyang simbahan pinamumunuan ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang ang Kanyang bayan ay gabayan ng Banal na Espiritu ng Dios upang gawin ang mga tamang bagay at gumawa ng tamang mga desisyon. Isinulat ni Apostol Pablo ang tungkol doon kung paano nang umakyat si Jesus ay ibinigay Niya ang mga kaloob sa Kanyang simbahan at ang mga layunin ng mga kaloob na iyon, ***"11 At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro;12 Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo:13 Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo;14 Upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa, na napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabikabila ng lahat na hangin ng aral, sa pamamagitan ng mga daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga lalang ng kamalian;15 Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa kaniya, na siyang pangulo, sa makatuwid baga'y si Cristo;16 Na dahil sa kaniya'y ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawa't kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa bawa't iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig." (Epeso 4:11-16 KJV)*** Ang mga sumusunod ay ang limang tanggapan ng limang pangkat ng misniterio.

***A. <u>Mga Apostol</u>***: Ay ang mga Apostol ni Jesus na nagtayo ng pundasyon sa Bagong Tipan ng simbahan. Ang kahulugan ng apostol ay ipinadala ng Dios. Ang kanilang paglilingkod ay sinamahan ng mga tanda at kababalaghan. Tayo, ang mga kasalukuyang disipulo na patuloy na naglalatag ng pundasyon ng Simbahan ay hindi mga apostol kundi ginagawa at ipinagpapatuloy natin ang ministeryo ng mga apostol.

***B. <u>Mga Propeta</u>***: Na nagpahayag ng buong kalooban ng Dios at kung ano ang mangyayari sa mga sumusunod at sa mga sumusuway, at iyon ang mangyayari sa hinaharap.

***C. <u>Mga Ebangvelista</u>***: Na nagdadala ng mensahe ng kaligtasan sa mga hindi pa nakakarinig ng mensahe tungkol kay Jesus at nanghihikayat sa kanila na magsisi at tanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas, at ang Kanyang ginawa sa krus bilang tanging daan para mapatawad ang kanilang mga kasalanan at para sila ay maligtas.

***D. <u>Mga Pastor</u>***: Na namumuno sa tupa, nagpapakain sa kawan kasama ng Salita ng Diyos at gawin silang dumaan sa luntiang pastulan at gabayan sila sa kanilang buhay at protektahan sila at ilayo sila mula sa mga panganib.

***E. <u>Mga Guro</u>***: Na tiyak na nagbibigay ng mensahe ng kahulugan at pamumuhay sa Salita ng Dios na nasa Banal na Bibliya at sila'y mahigpit sa pagpapatupad ng aral.

Ang mga layunin ng mga kaloob na ito ay para sa pagpapasakdal ng mga banal, para sa gawain ng ministerio, para pagpapatibay ng katawan ni Cristo, para sa pag abot sa pagkakaisa sa pananampalataya, para sa pagiging perperkto ng mga banal hanggang sa kabuuan ni Cristo, para sa mga miyembro na huwag itapon pabalik balik at dalhin sa bawat doktrina, at protektahan mula sa mga tusong mga tao, upang ang bawat miyembro ay lumago kay Cristo sa lahat ng bagay.

Subalit, bilang mga indibidwal na miyembro, kahit na mayroon tayong kaloob na panalangin, ang Salita ng Dios at ang Banal na Espiritu, may ilang mga kumplikadong sitwasyon napakahirap na gumawa ng desisyon, at dito pumapasok ang patakaran ng limang katungkulang iyon upang mapabuti ang mga bagay at sa direksyon na itinakda ng Dios para sundin natin.

Walang malaya sa paggawa ng pasya ng bawat isang kasapi, mula sa katawan ni Cristo, mula sa mga namumuno ng simbahan, o sa mga tanggapan ng mga pastor o ng guro o ng propeta o ng evangelista ng simbahan. Ang mga tanggapang ito ay ibinigay sa simbahan sa pamamagitan ng Panginoon upang tulungan ang mga tao na magabayan ng Dios at lumakad sa Kanyang kalooban.

Sa buong Bibliya ay may mga Kasulatan na sumusuporta sa kaisipang ito, na ang tao ay hindi dapat gumawa ng isang desisyon na malayo o malaya sa simbahan. Samakatuwid ngayon ay may dalawang punto na kailangan nating tugunan sa bagay na ito:

1. Dapat kupkupin ng simbahan ang kaisipan na kailangan ng simbahan na magmalasakit, sumubaybay at tulungan ang mga kasapi na gumawa ng tamang desisyon sa buhay.
2. Ang mga kasapi ng simbahan ay hindi dapat gunawa ng desisyon ng kanilang pansarili nang walang pahintulot ng simbahan.

Nang ipinabatid ng Panginoon kay Moises na hayaan Niyang makita ang lupain ngunit hindi pinahintulutang makapasok sa lupain, dito hiniling ni Moises sa Dios na maghalal ng isang lalaki sa buong kapisanan, ***"15 At sinalita ni Moises sa PANGINOON, na sinasabi, 15 Maghalal ang PANGINOON, ang Dios ng mga diwa ng lahat ng laman, ng isang lalake sa kapisanan, 16 Na makalalabas sa harap nila, at makapapasok sa harap nila, at makapaglalabas sa kanila, at makapagpapasok sa kanila; upang ang kapisanan ng PANGINOON ay huwag maging parang mga tupa na walang pastor." (Bilang 27:15-17 KJV)*** Sa kahilingan iyon inutusan siya ng Panginoon na gawin gaya ng sumusunod: ***"18 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ipagsama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalake na kinakasihan ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya; 19 At iharap mo siya kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan; at pagbilinan mo siya sa kanilang paningin. 20 At lalagyan mo siya ng iyong karangalan upang sundin siya ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel. 21 At siya'y tatayo sa harap ni Eleazar na saserdote, na siyang maguusisa tungkol sa kaniya, ng hatol ng Urim sa harap ng Panginoon: sa kaniyang salita, ay lalabas sila, at sa kaniyang salita, ay papasok sila, siya at ang lahat ng mga anak ni Israel na kasama niya, sa makatuwid baga'y ang buong kapisanan. 22 At ginawa ni Moises gaya ng iniutos ng Panginoon sa kaniya: at kaniyang ipinagsama si Josue, at kaniyang iniharap kay Eleazar na saserdote, at sa buong knapisana. 23 At kaniyang ipinatong ang mga kamay niya sa kaniya, at pinagbilinan niya siya, gaya ng sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises." (Bilang 27:18-23 KJV)*** Inutusan ng Dios si Moises na kunin si Josue dahil siya ay kinakasihan ng Espiritu ng Dios, kaya kailangan nating magkaroon ng Banal na Espiritu ng Dios upang magkaroon ng karunungan at pagkilala kung paanong mamuno at gumawa ng tamang pasya. Sinabihan Niya siya na ipatong ang mga kamay sa kanya, kaya ang pagpapatong ng kamay ay naroroon din sa Lumang Tipan ngunit hindi ipinalaganap gaya sa Bagong Tipan.

Sinabihan din si Moises na itayo si Josue sa harapan ni Eleazar na seserdote, at sa harapan ng lahat ng kapisanan; at bigyan siya ng tungkulin sa kanilang paningin na mamuno at ibigay ang ilan sa mga karangaan ni Moises, na ang lahat ng kapisanan ng anak ni Israel ay maging masunurin din sa kanya. Ang tagubilin ng Panginoon ay maaaring ilabas ni Josue ang kapisanan at dalhin sila ayon sa Salita ng Dyos na darating kay Josue mula sa Dios sa pamamagitan ni Eleazar na saserdote matapos ng hatol ng Urim sa harapan ng Panginoon. Kaya dito hindi maaaring gumawa si Josue ng anumang seryosong desisyon para sa kapisanan tungkol sa digmaan o anumang kilusan kung wala ang seserdoteng si Eleazar at ang Salita at ang desisyon na darating sa kanya mula sa Dios, na nagpapahayag kay Josue ng kalooban ng Dios tungkol sa kailangan niyang gawin. Kaya hindi makakapagdesisyon o makakagawa ng kahit ano si Josue kung wala si Eleazar ang pari na inatasan ng Dios na ipahayag sa kanya ang kalooban ng Dios.

Sa parehong paraan ngayon, hindi ka maaring pumaroon at gumawa ng anumang seryosong at kritikal na pasya nang hindi bumabalik sa simbahan at sa amin, ang mga namumuno sa simbahan na itinalaga ng Dios upang patnubayan ka at tulungan kang gumawa ng tamang desisyon at ang kailangan mong gawin sa iyong buhay.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ngayon ay lumapit sa Panginoon sa pagsisisi, ipangakong muli ang iyong sarili sa mga alintuntunin na inilagay Niya sa Kanyang Salita para sundin mo upang gumawa ng tamang pasya sa iyong buhay, sa buhay ng iyong pamilya, at sa mga ministerio. Sundin ang mga utos ng Dios upang ikaw ay pagpalain sa gagawin mong desisyon sa paggawa ng sumusunod:

- Ipangako ang iyong sarili sa pagbabasa at pagninilay sa Salita ng Dios at pagsasapamuhay sa iyong buhay.
- Ipangako ang iyong sarili na manalangin at humingi ng tulong at patnubay ng Dios na mangunguna sa iyo sa daan na kailangan mong puntahan.
- Ipangako ang iyong sarili sa paggabay at patnubay ng Banal na Espiritu.
- Ipangako ang iyong sarili sa alituntunin ng pagpapatong ng mga kamay.
- Ipangako ang iyong sarili sa alituntunin ng limang pangkat na ministerio at ang mga paglilingkod ng mga tanggapan ito.

- Ipangako ang iyong sarili na makipagtulungan sa Dios at sa Kanyang simbahan sa paraang maging bukas sa mga namumuno ng simbahan, sa pamamagitan ng handang buksan ang mga mahahalagang isyu na pinagdadaanan mo, at sa pamamagitan ng iyong kahandaang maging masunurin sa tagubilin na igagabay namin sa iyo na gawin ang ipinapahayag ng Dios na Kanyang kalooban sa iyong buhay.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ginawang malinaw ang mga bagay kung paanong gumawa ng tamang desiyon at ang mga bagay na mayroon sa aking mga kamay na makakatulong sa akin na gumawa ng tamang desisyon sa pagharap sa pang araw-araw na isyu at pakikibaka.*

*Ipagtapat at talikdan ang iyong mga kasalanan sa Dios. Talikdan ang kasalanan ng hindi maayos na pagbabasa ng iyong Bibliya, ang kakulangan ng pananalangin at pagtawag sa Dios, ang kasalanan ng pagtanggi sa patnubay ng Banal na Espiritu, ang paggawa ng iyong sariling kagustuhan, ang iyong kawalang kahandaang magbukas sa simbahan ng iyong mga pakikibaka at ang iyong kawalang kahandaang sundin ang simbahan at ang mga utos ng namumuno. Panginoon ipinagtatapat at tinatalikdan ko ang mga sumusunod na mga kasalanan ________________________.*

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na sumunod at ipamuhay ang mga alintuntunin na natutunan ko ngayon sa mensaheng ito kung paano gumawa ng tamang desisyon sa bagay na ito ______________________.*

*Panginoon salamat sa iyo para sa lahat ng aking mga kapatid na lalaki at babae at ang mga handang ipamuhay ang mga tagubilin ng natutunan namin ngayon sa kanilang buhay. Panginoon gabayan sila sa sentro ng iyong kalooban. Panginoon pagpalain sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon puspusin sila ng iyong Banal na Espiritu at pangunahan sila na gawin ang iyong kalooban.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming magpatuloy na patnubayan mo na gawin ang gawain at kalooban mo. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na mga kaloob ng kailangan naming magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon pasakdalin kami at idagdag sa amin ang anumang kulang sa limang pangkat ng ministerio. Panginoon idagdag sa amin ang mga pastor, guro, propeta, at evangelista upang patuloy naming gawin ang ministerio ng mga apostol. Panginoon tulungan kaming pumaroon at mag evangelio abutin ang bagong mga tao, gumawa ng bagong mga alagad, magsanay ng bagong mga manggagawa, at magtanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ng biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 1. Awit 119:105. Mateo 7:7-8. Jeremias 33:3. Juan 14:16-17, 26. Roma 8:14. Hebreo 6:2. II Timoteo 1:6-7. 1 Timoteo 4:14. Efeso 4:11-16. Bilang 27:15-23.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com